# Eko-Lente: ANGPAGKONSTRAK NG SURIGAONONMULA SA TALINGHAGANG MGAEko-SUGILANON SATURISMO NG SURIGAO DEL NORTE

**1Lucihida M. Docoy, 2 Gemma Roxas – Escultor, 3Quintina D. Gono. 4Eliza E. Bayang, 5Nenita Rebecca Yu – Casten**

1,2,3,4 & 5Surigao Stage College of Technology, Surigao City, Philippines

**IJASR 2020**
**VOLUME 3**
**ISSUE 2 MARCH - APRIL** **ISSN: 2581-7876**

**Abstract** – Napapanahon ang pag-aaral sa mga kultural na naratibo sa mga pook-panturismo na nagpapakita ng mga isyung sa pagpapahalagang pangkalikasan ng tao sa lipunan. Kung gayun, mahalagang makapagdalumat ng mga tekstong taglay ang green cultural at ekokritisismo Makita ang naratibo sa mga pook-panturismo ng lalawigan ng Surigao. Makikita dito ang mga usapin kaugnay sa etikal na mga valyu at kung paano naipasa ang mga ito.

Pangunahing layon ng papel na ito ang malikom at masuri ang mga naratibo hinggil sa panturismong tanawin (pook) ng Surigao. Gamit ang bubuing perspektibo, eko-etikal retorikal na pananaw, na nagpapaunawa kung paano ang mga naratibong panturismo/ pangkalikasan nakakaimpluwensiya sa ating kalikasang pagpapahalaga. Ang eko-etikal retorikal na pananaw ay triangulation ng kritikal na pananaw na hinugot mula sa ekokritisismo, etikal kritisismo at retorikal na kritisismo.

**Keywords:** Eco-lente; Ekokritisismo; eko-etikal; retorikal; eko-Sugilanon

## INTRODUCTION:

### Kaligiran ng Pag-aaral

Taon-taon, tuwing papalapit na ang tag-init at huling buwan ng taon, ang bayan ng Surigao del Norte ay dinadagsa ng napakaraming tao. Halos bukambibig ng karamihang ang paghahangad na sa bayang ito mangyayari ang kanilang, summer destination. Ang mga gustong pumunta dito at maranasan ang ganda ng karagatan ay nagmumula sa iba't ibang panig ng Pilipinas, mangyari pa, ng mundo. Karamihan sa kanila ay may pananabik na mayroong masilip na mga biswal na kultura ng mga katutubo ng lugar. Matatandaang noong 1538 ang bayang ito ay napuntahan ni Francisco de Casto, isang Portuges na manggagalugad, ang silangang baybayin ng Mindanao kung saan naroon ang Surigao del Norte. Dito niya nadatnan sa nasabing lugar ang mga Caragaang itinuturing na mga unangtribung nakatira at pinaniniwalaang pinagmulan ng mga taga- Bisaya. Bukod pa dito, naging usap-usapan din, na sa bayang ito unang napadpad ang balangay na pinaniniwalaan ng mga katutubong Surigaonon bilang magpapatunay ng unang pagbibiyahe ng mga turista papuntang Surigao.

Noong panahon ni Arroyo,isa ang pagpapalakas sa industriya ng turismo ang kanyang pinakapangunahing proyekto,upang makalikha ng mga trabaho,makapagdala ng dayuhang pera sa ikalalago ng ekonomiya ng Pilipinas, at upang makahikayat na rin ng mga mamumuhunan sa bansa. Patunay nito ang pagkakatanggap ng Departamento ng Turismo sa pamumuno ni Gordon ng budget mula sa House of Committee on Appropriations ng 1.15 bilyong piso (Balana, 2003).

Sa ganitong suporta ng pamahalaan sa proyekto ng turismo sa bansa tumaas ang bilang ng mga turista sa Pilipinas noong panahon ni Arroyo sa 2.18 milyon sa unang anim na buwan ng 2004 mula 1.68 milyon noong 2003. Nangangahulugang 30% ang itinaas nito. Dahil dito tumaas din ang mga inaprubahang tourist visa extension ng Bureau of Immigration ng 18% mula 85,822 naging 103,037(Depasupil 2004). Kaakibat ng paghikayat ng pagbisita ng mga turista sa bansa, ang mismong pagbubuo ng kultura ng turismo sa loob mismo ng Pilipinas. Hinihikayat ang bawat Filipino maging turista sa sarili nilang bansa. Halimbawa nito ang paglulunsad ng Explore 2002 at Expedition 4x4 Challenge noong 2002 upang pasiglahin ang industriya ng turismo sa Hilagang Luzon. Patunay nito ang isang pahayag mula sa isang balita:


Copyright © 2020 IJASR All rights reserved (cc) BY

**These events are part of President Arroyo's aggressive tourism promotion campaign in an effort to tap the billiondollar's world tourism industry…She also declared the four-day workweek for government employees to encourage them to travel and to take their families around the country. (Domestic tourist,2002)**

Ang lokal na turismo rin ang isa sa mga dahilan ng pagkatatag ng Strong Republic Nautical Highway noong 2003. Dagdag pa dito ang pagsang-ayon ng mga pribadong sector katulad ng Save Our Skies Movement (SOS) at Network of Independent Travel Agencies (NITA). Sa pahayag ni Robert Lim Joseph ng SOS:

**We want to inculcate in local leaders a pride of place and peoples and an appreciation of tourism. We want to open their eyes to the great potentials of tourism. We should have a culture of welcoming tourists (Tour Groups, 2003).**

Nangangahulugan lamang sa pahayag ni Joseph na kailangang ibenta ang bansa sa pagkonsumo ng mga turista,mapa-lokal na turista o dayuhan. Masasabi kung gayun na sinasalamin ng biswal na midya ang ganitong kalakaran sa lipunan, na maaaring lumilikha ng balwasyon sa pagitan ng dayuhan at lokal na espasyo. Maaaring may mga anyo sa biswal na kultura ng mga Surigaonon na nagiging tagasunod lamang sa pahayag at pananaw ng taga-labas o ng ganitong kalakaran ng sistemang pang-ekonomiya ng bansa. Sa binubuong kultura ng turismo,hindi maiiwasang matanong ang masang Filipino lalo na ang mga Surigaonon ng satispaksyon ng ganitong paghahanap ng espasyong pupukaw sa kanila sa kulturang panturista.

Sa harap ng ganitong kalagayan, maaaring matatagpuan kung gayon ang pagkukwestyon sa inihahaing turismo ng isang rehiyon katulad ng sa Surigao sa produksyon ng mga tanawin sa pamamagitan ng paglalagay sa kanila sa loob ng mga panahon ng eko-sugid. Upang mapahalagahan ang paglilente ng pagmamasid panturismo na nabubuo sa kamalayan ng mga Surugaonon dala ng pagbabago at pagpapalago ng turismo sa bansa,kailangang pansinin ang ginagamit na mga eko-materyalismo sa eko-sugid. Ito hamong nagtulak sa mananaliksik na suriin kung paanong nilente ng kamera ng mga mata ng Surigaonon ang mga tanawin o turismo sa Agusan del Norte at kung paano pinahahalagahan ng Surigao ang kanilang kalikasan sa pamamagitan ng mga eko-naratibo nito.

Ang istrukturang panlipunan ng Surigao ay nasa ilalim ng istrukturang panlipunan ng Pilipinas na dumaan sa kolonisasyon kaya maituturing na mahina. Patunay nito ang banggaan ng katutubo at banyagang salik sa mga gawaing kultural ng mga mamamayan (Aguilar, 1998.7). Sa gayon ang mga Pilipino ay natututong makipagdiskusyon,makipag-away,makipaglaro,magpatawa at tumanggap- sa madaling salita nakipag*sugilanon*sa lipunang kinabibilangan nila.

*Sugid* (pandiwa) ang salitang –ugat ng *sugilanon (pangngalan)* na ibig sabihin ay salaysay, at naratibo naman ang *sugilanon*.Sa pakipag*sugid* ng mga Surigaonon sa kanilang turismo sa kanilang bayan ay maaaring makalikha ng mga pamamaraan para ipagpatuloy ang kanilang kultural na Gawain sa inang kalikasan. Mula sa aklat ng sanaysay ni Nicanor Tiongson (1998) na "Becoming Filipino",kinikilala niya ang mga ito sa anim- pagsasakatutubo, panggagaya,pag-angkin,pagpapasakop,paghalaw at pagbabagong-anyo bilang mga pamamaraang ginamit ng mga Pilipino sa pag-akda ng kanilang mga sining (201). Ito ang dinamikang ginamit ng mga Filipino sa pagpapakilala o pag-akda ng kanilangidentidad. Sa aspekto ng turismo ng bansa lutang na lutang ang ganitong pamamaraan, may mga ginamit na biswal sap ag-endorso sa magagandang tanawin na produkto ng pangongopya na proseso at maaaring magreresulta sa lubusang pagkawala o pagkalusaw ng katutubong tradisyon.

Napapanahon ang pag-aaral na ito upang matunton ang nawawala at naiiwang katutubong tradisyon sa pangangalaga o pagpapahalaga ng mga mamamayan lalo ng mga Surigaonon sa kanilang magagandang tanawin lalo't isa ang rehiyong ito sa dinadagsa ng mga turista.

**Paglalahad ng Suliranin**

Kaakibat ng desisyon ang hamong dukalin at linangin mula sa eko-materyalismo at eko-naratibo sa mga turismo ng Surigao del Norte nang mailente at masuri ang gawi ng mga Surigaonon. Upang maisakatuparan ang pangunahing layuning ito ng pag-aaral, sisikaping masagot ang sumusunod na mga tiyak na katanungan:

 Copyright © 2020 IJASR All rights reserved (cc) BY

1. Ano-ano ang talinghaga ng mga eko-sugilanon sa turismo ng Surigao del Norte?
2. Ano ang mga katutubong kamalayan o paraan ng mga Surigaonon sa pangangalaga at pagpapahalaga ng kalikasakan ng Surigao del Norte ang makikita sa mga eko-Sugilanon ng kanilang mga turismo?
3. Ano-ano ang mga katutubo at banyagang salik ng mga gawaing kultural sa pagpapahalaga at pangangalaga ng kalikasanng mga Surigaonon ang nagbabanggaan sa eko-sugilanon saturismo ng Surigao del Norte?
4. Ano ang mga eko-materyalismo ang ginagamit at pinahahalagahan sa eko-sugilanon?
5. Paano nito inilulugar at binigyang pagpapahalaga ang lokal na espasyo/katutubong tradisyon sa pag-aakda ng Surgir (Surigao)?
6. Paano kinonstrak ng mga eko-materyalismo at eko-sugid ang Surigao at Surigaonon?

Mula sa nailatag na mga tiyak na suliranin, nabuo ang iskema ng paradaym ng pananaliksik, sa mga nabasang mga batayang teorya at konsepto ng mga kilalang mga eko-dalubhasa.

**Layunin ng Pag-aaral**

Binibiyayaan ang Pilipinas ng mayamang kalikasan at kapaligiran. Ang mga likas na yaman nito ang maaaring maipasigarbo ng mga Pilipino sa ibang mga lahi, ngunit sa mga nagdaang taon naaabuso ang inang kalikasan dala ng labis na paghahangad na pag-unlad at pagsabay sa post-modernong panahon.Unti-unting nakakalimutan ng bawat Pilipino na ang yamang ito ay bahagi ng kanilang pagka-Pilipino. Ito ang hulmahang nag-aakda ng kanilang mga prinsipyo at pananaw sa buhay. Ang kanilang kapaligiran ang nakaiimpluwensiya sa paraan ng kanilang pag-iisip, pagmuni-muni at pagbuo ng mga hinuha. Hindi lamang ito gumaganap bilang back ground kundi ang isang mahalagang framework sa sistema ng isang lipunan upang ipakita ang ugnayan ng tao at hangganan nito sa ibang nilalang, kultura at kalikasan.

**Batayan ng Pag-aaral**

Naniniwala ang mananaliksik na, magiging matibay ang sandigan ng isang pananaliksik sa pamamagitan ng maingat na pagpili ng teoryang ilalapat dito at ang konseptwal na balangkas na makakatulong sa pagpapaunawa ng pag-aaral.

**Batayang Teoritikal**

Mahalaga ang pangangalaga sa mga kalikasan, ayon kay Febvre (1966), ang pisikal na kapaligiran ang nagtatakda ng pamumuhay ng mga tao sa kanyang lipunan. Sa gayon, may malaking gampanin sa kultura ng isang lipi o pangkat. Hindi lamang sa isang partikular na pangkat kung hindi maging sa lahat ng mga magkakaibang tribo sa buong mundo. Isa ang Pilipinas sa mga bansang napakayaman sa likas na yamanl, anupa't ang nasabing bansa ay binubuo ng napakaraming katutubong pangkat. Nakadagdag sa natatanging yaman ng bansa ang kulturang nakapaloob sa bawat pangkat tulad ng musika, sayaw, simbolo, panitikan, mga pagdiriwang at kasiyahan, seremonya at pagriritwal; kung saan matutunghayan ang kakaibang eko-materyal na kultura sa pagpapahalaga ng kalikakasan at maging mga pagpapakahulugan sa loob ng mga di-materyal na komponent nito. Nagsisilbi itong yaman ng isang miyembro ng pangkat. Ito ang kanyang pagkakakilanlan. Ito ang kanyang identidad. Ito ang kanyang buhay.


Kaya't upang makilala at maunawaan ang mga ibang pangkat na bumubuo sa isang bansa, nararapat lamang alamin, pag-aralan at pahalagahan ang kanilang tradisyon at kultura – eko-materyalismo at eko-naratibo. Isa sa mga barayti ng indehinus na pangkat sa Mindanao na nagtulak sa mananaliksik na ito'y pag-aralan ay ang mga Surigaonon sa probinsiya ng Agusan del Norte. Katulad ng iba pang mga etnikong pangkat, sila rin ay may natatanging tradisyon at kultura na nagsisiwalat ng kanilang identidad kung ano ang kanilang pananaw sa ugnayan ng tao sa mundo at sa kalikasan. Kung pag-uukulan ng panahon ang grupong ito, higit na mas maraming maitatala hingil sa makulay nitong tradisyon, valyu, paniniwala bilang tugon sa pisikal na kapaligiran; mapa-anyong lupa man at anyong tubig, na siyang pondasiyon ng kanilang pagiging Surigaonon.

Sasandigan din ang teoryang eko-naratolohiya na naniniwalang mahalagang sangkap sa pag-aaral upang suriin ang matalik na ugnayan tao sa ekoloji. Ipinapalagay ng teoryang ito ang pagturing sa naratibo na mahalagang karakter sa pagbasa ng pananaw ng isang indibidwal sa kalikasan at sa pagbabago nito o ang tinatawag na climate change. Mahalagang sangkap ang teoryang ito sa pagbasa pangkalikasan bilang paraan ng pag-unawa sa kasaysayan at saka-sakali, sa pagsugpo sa mga di-makatwirang kairalan ng pag-abuso ng kalikasan.

 Copyright © 2020 IJASR All rights reserved (cc) BY

**Batayang Konseptwal**

Malaki ang papel ng isang panitikan upang ipakita at imulat tayo sa naging kalagayan ng mundo- tulad ng isyu ng ating ecosystem.  Katunayan hindi na mabilang sa daliri ang mga manunulat na nagsusulat hinggil sa usapin ng kalikasan at kapaligiran. Subalit napakahina ng nagging boses nito dahil hanggang pagbabasa lang ang nagagawa ng mga mamamayan. Marahil iniisip ng karamihan sa atin na ito lang naman ay bunga ng malikhaing isipan ng manunulat kaya siguro hindi nararamdaman. Hindi katulad ng mga totoong naratibo ng isang Bikolano na pagkatapos ng matinding bagyo, uunahin niyang kamustahin o pahalagahan ang kanyang mga pananim na silikahit basa dahil nawawala ang nararamdamang lamig kapag kumakain ng sili. Sa salaysaying ito, umiikot ang talinghaga kung bakit masarap ang Bikol express. Tulad ng eko-sugid ng mga Surigaonon sa kanilang turismo, mailalantad ng naratibong ito bilang kasangkapang pedagohikong plataporma upang makabuo ng isang katutubong kamalayang pangkalikasan na magtuturo, makapagsuri at makapaghanda ng pagkilos tungo sa pambansang pagkilos sa pangangalaga ng kapaligiran hindi lamang para sa usapin ng turismo kundi para pahalagahan ang dogmatismong pagbabalewala sa halaga ng kalikasan sa buhay at pamumuhay ng tao.




**Figyur 1**. Iskema ng Paradaym ng Pananaliksik

Sa kasabihang "kapag hangin ang itinanin,bagyo ang aanihin", ay maaaring magkatotoo kapag maniningil na ang kalikasan sa hindi pagsuko ng tao sa kanyang mga luho sa buhay o maluhong pamumuhay na ang nakataya ang pagkasira ng kalikasan.

Kung gayon, sa kaso ng Surigao na tinaguriang isa sa pinaka-popular na tourist na distinasyon ng bansa sa bahaging Mindanao ay hindi nalalayong maaaring masira ang ating kapaligiran dala ng pagsulong ng bansang lumago ang ekonomiya at mabigyan ng hanapbuhay ang lokal na mga mamamayan.  Pinakasentro ng papel ang paghimay sa eko-Sugilanon ng mga Surigao hinggil sa kanilang turismo na siyang laman ng unang kahon. Ang mga hayagang sinasabi ng eko-sugilanon na maaaring dahilan ng pagpapanatili o pagkasira ng mga tanawing ito ay palilitawin gamit ang mga eko-materyalismo. Mahalagang maitala o mabanggit ang mga eko-materyalismong ito dahil ito ang magsasabing ano ang espasyong nanatiling inilaan sa nga katutubong mamamayan at ano naman ang inuukopa ng dayuhang kaparaanan. Ang paglente sa espasyong ito ang magsasabi at maaaring magtanghal muli sa katutubong pagpapahalaga ng Surigao sa biyayang kalikasan. Mula sa mga eko-sugilanong ito muling mabubuo ang


Copyright © 2020 IJASR All rights reserved

unti-unting nawasak o nawalang identidad at pagkakakilanlan ng Surigaonon sa pagpapahalaga ng kanilang kapaligiran.

Maaaring sa tulong ng mga talinghaga ng mga eko-sugilanon mailalahad ang maganda o kagandahan ng kultura at tradisyon ng bayan na maibabahagi ng naratibo ng mga mamamayan ng Surigao.

**Kahalagahan ng Pag-aaral**

Alinsunod sa Presidential Decree (P.D.) 1115 o ang Philippine Environmental Policy ng bansa, kaugnay sa pangangalaga ng kapaligiran. Itinadhana ng P.D. 1115 na itinadhana upang magkaroon, mapaunlad, mapanatili at mapabuti ang katayuan kung saan ang tao at kalikasan ay nabubuhay nang produktibo at magkaayon. Ito ang pinamahalagang maiambag ng pananaliksik na ito.

Inaasahang magbibigay benepisyo at pakinabang ang resulta ng pag-aaral sa sumusunod na tao at pangkat:
Sa mga tagapamahala ng DENR, maaaring magiging batayanang pag-aaral na ito upang hikayatin ang administrasyon na lumikha ng isang matibay na programa para sa preserbasiyon, proteksiyon, konserbasiyon ng kapaligiran gamit ang kultura, paniniwala, sinaunang nakagawian at higit sa lahat nakasayang ng mga katutubo sa pagpapahalaga at pangangalaga ng kanilang likas na yaman.

Sa mga industriya ng Turismo, ang resulta ng pag-aaral ay makapag-aambag ng mga pangunahing dokumentasiyon at pag-unawa sa kulturang Surigaonon na maging daan upang ang mga programang pangturismo o kahit anong proyekto na makatutulong sa pag-angat ng buhay ng Surigaonon na hindi nasasakripisyo ang kalikasan.

Para sa mga kapwa guro, ang datos ng pananaliksik ay magbibigay hikayat na magkaroon at maglunsad ng kampanyang pang-edukasiyon upang mapaigting ang pangkalahatang interes ng publiko at maigalang ang kinaiyahan.

Para sa mga Surigaonon bilang kabuuan, migrante man o lumad sa probinsya, ay maipagmamalaki ang kanilang katutubong kultura sap ag-aalag ng turismo ng lugar sinubok nang panahon ay nananatiling namamayagpag.

Higi sa lahat, sa mga Surigaonon, maitanghal nila ang kanilang identidad, maipaglaban ang kanilang karapatang mapahalagahan ang sariling espasyo laban sa patuloy na mataas na demand ng merkado ng turismo.

**Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral**

Sasaklawin ng pag-aaral ang mga eko-Sugilanon ng mga mamamayan ng Surigao del Norte kaugnay sa kanilang mga magagandang tanawin. Ang mga naratibo lamang ng mga lokal na mamamayan ang siyang gagamiting datos at hindi isasama ang salaysay ng mga turistang piniling manirahan sa lugar ng tuluyan.

Sakop din ng pananaliksik ang mga naratibo na pumapaksa sa mga tanawing hindi nailista ng opisina ng turismo hanggat kakikitaan ito ng interaksyon ng mamamayan ng Surigao sa kanilang kapaligiran. Hindi na saklaw ng gagawing pag-aaral ang mga eko-sugid ng mga Surigaonon mula sa karatig na bayan tulad ng Surigao del Sur.

**Depinasyon ng mga Terminolohiya**

Upang maging magaan at madulas ang pag-unawa ng mga mambabasa sa pag-aaral, binigyang kahulugan ang mga sumusunod na mga salita:

Ekolohiya. Isang sangay ng agham na nag-aaral sa pagkabaha-bahagi at kasaganaan ng mga bagay na may buhay at ang kanilang ineteraksyon sa kanilang kapaligiran. Kabilang ang kanilang pisikal na habitat o tirahan.

Sa pag-aaral, tumutukoy ito sa mga konseptong nakapaloob sa naratibong Surigaonon na nagpapakita sa ugnayan ng tao at sa kalikasan, ang pakikitungo ng lipunan at estado sa usaping pangkapaligiran.


Copyright © 2020 IJASR All rights reserved (cc) BY

Eko-literatura. Ito ay hindi pagsusulat tungkol sa kalikasan o kapaligiran. Hindi ito romantikong pagsusulat ng tula. Tungkol ito sa pamumuhay ng tao sa kapatagan, bundok o kagubatan at kung paano siya nakipag-interaksyon sa kanyang kapaligiran (The herarld,2017).

Ginamit sap ag-aaral ang parehong konseptong ngunit higit na tiyak dahil tumutukoy ito sa paglalarawan sa interaksyon ng mga mamamayan ng Surigao sa knailang mga magagandang tanawin na kanilang itinuturing bida sa paglago ng kanilang turismo.

Eko-sugilanon.Ito ang salaysayin na pumapaksa sa pangangalaga o kawalang-pagpapahalaga ng mga Surigaonon sa kanilang likas na yaman. Sumasaklaw ito sa mga isyu o usaping nasa likod ng naratibo halaga ng ekosistema, ang ginagawang pangingisda,ang pagpapatayo o pagbabago sa lugar, ang pagmimina at pagtotroso.

Naratibo.Isang uri ng teksto na naglalahad ng magkakasunod-sunod na mga pangyayari. Maaari rin itong tumutukoy sa isang simpleng salaysay.

Sa pag-aaral tumutukoy ito sa pangunahing datos na siyang ginagamit upang maipakita kung paano, saan at kailan sa mga pangyayari sa mga ginawang pagpapahalaga o pagpapabaya ng mga Suriagonon sa kanilang kapaligiran na makikita sa kanilang mga pagsugid.

Turismo. Ito ay ipakahulugan bilang akto ng paglalakbay para sa isang layunin at paghahanda ng serbisyo nito (World Tourism Organization).

Sa pag-aaral, nakatutok ito sa mga magagandang tanawin o likas na yaman ng bayan ng Surigao del Norte na siyang pinupuntahan ng mga bisita o turista. Hindi rin nakakulong ang depinasyon sa mga magagandang tanawin na dinadagsa ng mga bisita dahil kasama na ang mga tanawing hindi pa masyadong napupuntahan o nabibisita ngunit nakikitang maaring sa mga susunod na araw ay magiging bahagi sa listahan ng tourist na destination.

**Balangkas ng Pag-aaral**

Dito matatalakay at hihimay-himayin ang mga batayang impormasyon hinggil sa mga paksang nagpapaliwanag kaugnay sa eco-system, ekolohiya o pagbabago ng klima at mga panitikang sumaklaw sa usapin ng eko-literatura. Tampok din sa bahaging ito ang iba pang mga pag-aaral na tumututok sa usapin ng green literature.

Makikita naman sa Tsapter 3 ang mga metodolohiya ng pag-aaral, kung saan detalyadong ilalarawan ang mga hakbang o sistematikong hakbang na gagawin upang matamo ang inihahayag ng layunin ng pag-aaral.

**Rebyu ng mga Kaugnay na Literatura**

Taong 1970 nagsimula ang unang daluyong ng eko-literatura sa mundo subalit hindi ito na bigyan ng halaga dahil madalas itinuturing itong moral literature (The Herald, 2017). Ang mga genreng tumatalakay ng cli-fi (climate fiction) sa mga panulatan ay hindi nahimay nang mabuti kung ano ang nagging kontribusyon ng tao sa pagkasira ng kalikasan. Hindi rin natukoy sa mga pagsusuri ng mga akdang tulad ng mga tula, kwento at dula ang mga isyu hinggil sa ekolohiya, sang-ayon ito sa pinupunto ni Rajesh Subramanian (online literary magazine,2017), isang kritiko at tagasalin. Dagdag niya, eco-literature is not nature writing. It is not about how humans live in the forests or in mountains. In such cases, the writing would be only a realistic portrayal, just like in other human environment. Mula sa pahayag na ito, magiging malinaw sa papel na gagawin kung ano ang mga eko-sugilanon na maituturing. Hindi lamang ito maglilimita o tututok sa mababaw na usapin ng pagbanggit sa kinaiyahan kundi ang pagsisid nang malaliman kung paano ang degradation ng kalikasan na nagbubunga ng pagdurusa ng mga mamamayan, paanong nagiging dayuhan sa sarili nilang bayan ang mga katutubong Surigaonon, paanong nakakapekto ang labis na pagkonsumo sa tursimo upang iangat ang ekonomiya ng Pilipinas na nauuwi sa pagbabago ng kapaligiran.


Copyright © 2020 IJASR All rights reserved (cc) BY

Makakatulong din sa gagawing pananaliksik ang konsepto ni Teodoro sa kanyang artikulong pinamagatang Ekokritisismo: Bagong Luma (jieteodoro.blogspot.com, 2012). Aniya, sa pagbabasa ng ekokritisismo, mahalagang matutugunan ang ilang mga katulad nitong mga inilahad ni Glofelty: How is nature represented in the sonnet?; how has the concept of wilderness changed over time? How is science itself open to literary analysis? What cross-fertilization is possible between literary studies and environmental discourse in related discipline such as history, philosophy, psychology, art history and ethics? Magiging mahalagang salik ang ibinahagi ni Teodoro hinggil sa konsepto ni Glofelty dahil maaaring mabaybay ng gagawing pananaliksik ang mga eko-materyalismo at ang ugnayan nito sa pisikal na kapaligiran na tumututok sa daigdig hindi lamang nakatutok sa tao at lipunan. Sa ganitong punto, matalakay ng kasalukuyang pag-aaral ang kasaysayan, diskursong pangkalikasan ng Surigao, pilosopiyang laganap sa bawat mentalidad ng mga Surigaonon at kanilang sikolohiyang pananaw sa mundo kaugnay sa kalikasan at etika.Sasandigan din nitong papel ang punto ni Greg Garrad sa kanyang librong The Ecocriticism (2004).

**What then is eco-criticism? Simply put, eco-criticism is the study of the relationship between literature and the physical environment. Just as feminist criticism examines language and literature from gender-conscious perspective, and Marxism criticism brings awareness of modes of production and economic class to its reading texts, eco-criticism takes an earth-centered approach to literary studies.**

Magiging madali sa gagawing papel ang pagsuri sa eko-sugilanon dahil magiging batayan ang pagdulog sa itaas. Magkakaroon din ng malinaw na talakay kung paano tinatrato ang datos ng pag-aaral sa paglutas o pagtamo sa layunin nitong makapag-ambag ng isang teoryang pangkalikasan gamit ang mga eko-naratibo. Babanggitin din ang mahalagang dalumat ni Parra, isang sikat na manunulat ng tulang Chilean na nagiging popular sa kanyang mga anti-poetry na nagbinyag sa kanyang sarili nitong mga huling dekada bilang eco-poet. Aniya sa panayam sa kanya ni Rajesh nooong 2017:

**The eco-poet also works with contradiction, he defends nature, but he cannot fall into the trap of new dogmatism. So there are some eco-poems which apparently anti-ecological like the following: "I don't see the need for all this fudd, we all know the world is at its end." It must be kept in mind that any type of dogmatism, including ecological dogmatism, produces the hardening of the soul.**

Nangangahulugan ito na maging sa isang pagsulat maging ng tula kailangang maging maingat dahil maaaring ang taludtod nito ay nakadaragdag sa paghihirap ng mundo. Hindi makakatulong ang dogmatismong pagtingin sa usapin ng kalikasan dahil hindi hawak ng tao ang kalikasan kundi ito ang may control sa ating pagkatao.

## METODOLOHIYA NG PAG-AARAL

Makikita sa bahaging ito ang mga maka-agham na pamamarang gagamitin upang matamo ang layunin ng pag-aaral tulad ng disensyo ng pananaliksik, riserts lokal, pangangalap ng datos, pag-aanalisa ng datos at daloy ng pag-aaral.

### Metodolohiya ng Pag-aaral

Kwalitatib na disenyo at kombinasyon ng pamamaraang palarawan o deskriptibo at Inindehinus o pangkatutubo ang gagamitin sa papel na ito. Convenient sampling naman sa pangunguha ng datos, dahil kung sino sa mga taga-Surigao ang kakilala o madaling kausap ayon sa pagtingin ng mananaliksik ay maaring ituring na impormante.

Gagamitin din ang pangkatutubong pamamaraan dahil pagpapahalaga ng isang mamamayan sa kapaligiran na lilitaw mula sa kanilang pagsugid ang pinakapaksa ng pananaliksik. Ayon kina Santos at Magracia (2010), nagpapakita ang pamamaraang ito ng isang tunay na larawan ng kasalukuyang kalagayan ng mga bagay-bagay mula sa mga nakalap ng mga impormasyon sa kulturang Pilipino at angkop sa pag-uugali at sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga Pilipino.

### Pangangalap ng Datos

Unang isinagawa ang pakikipag-ugnayan at pagpapadala ng liham-kahilingan sa rehiyunal at lokal na tanggapan ngmayor ng Surigao del Norte. Pagkatapos makuha ang opisyal na pahintulot mula sa kinauukulang tanggapan ng nasabing ahensya, personal na nakipag-ugnayan ang mananaliksik sa lokal na kinatawan ng mga bawat barangay ng


Copyright © 2020 IJASR All rights reserved (cc) BY

nasabing bayan. Pagkatapos ng pakikipagpulong sa barangay kapitan o sa sinumang maatasang lokal na opisya ng barangay, sisimulan ng mananaliksik ang pagkuha sa topograpikal na impormasyon ng bayan. Pinagkasunduan ng mga impormante at mananaliksik ang tiyak na araw ng pangangalap ng datos at tinukoy ang mga tiyak na kakailanganin.

Sa pangangalap ng datos, tuwirang nakipag-ugnayan ang mananaliksik sa mga residente ng lugar**.** Makipagkwnetuhan o makipagpalagayang loob muna ang mananaliksik sa mga lokal na residente upang makuha ang tiwala nitong magbahagi ng kanilang sugilanon kaugnay sa kapaligiran o sa mga magaandang tanawin ng kanilang lugar. Dahil residente rin ang mananaliksik, sa pangangalap ng datos ang bernakula na wika ng bayan ang siyang gagamitin sa pakikipag-ugnayan sa target na impormante.

Hindi bilang o tiyak ang impormante ng pag-aaral dahil maaaring hindi isang eko-sugid ang maibibigay na datos. Hindi bibigyan ng limitasyon ang pagsalaysay ng mapiling impormante upang makapagtala ng mga eko-sugilanon na siyang pinakatunguhin ng pananaliksik.

**Riserts Lokal**

Isinagawa ang pag-aaral sa munisipalidad ng Surigao del Norte.Piniili ang naturang munisipalidad sa isasagawang pag-aaral dahil lokal na residente ditto ang mananaliksik. Sa katunayan, magiging madali ang pangangalap ng mga kakailanganing datos ang mananaliksik dahil pamilyar siya sa lugar. Ito rin ang nagtulak sa kanyang pag-aaralan ang mga salaysayin ng kanynag kapwa Surigaonon kaugnay sa mga magagandang likas na yaman ditto.

Makikita sa susunod na pahina ang mapa, kung saan nabibilang ang Surigao del Norte.




**Figyur 2**. Mapa ng Munisipalidad Surigao del Norte

Isa ang Surigao sa itinuturing na tourist na destinasyon ng Pilipinas, kaya napapanahong pag-aralan ang mga eko-Sugilanon mula sa bayang ito lalo sa kasalukuyang panahon na pagbabago ng klima. Tinatawag na Surigaonon ang mga naninirahan sa bayang ito.

 Copyright © 2020 IJASR All rights reserved (cc) BY

Noong 1538, napuntahan ni Francisco de Casto, isang Portuges na manggagalugad, ang silangang baybayin ng Mindanao kung saan naroon ang Surigao del Norte at nakita niya ang lugar kung saan nakatira ang tribu ng Caraga na siyang pinaniniwalaang pinagmulan ng mga Taga Bisaya. Ang mga heswitang misyonaryo at dumating noong 1597 upang pangaralan ang mga tao sa Butuan ngunit kasama ang paghihirap at intermitenteng pag-unlad. Sumunod ang mga Augustinian Recollects at nagtayo ng parokya sa Tandag at Bislig noong 1642, seglar na mga pari ang naghuna bago dumating ang Benedictine na mga monghe noong 1893.

Ang sinaunang distrito ng Caraga, kung saan ito ay nabuo noong 1609 kasama ang Hilagang Surigao, Timog Surigao, hilagang parte ng Davao Oriental at Kalungang Misamis Oriental. Noong 1860, ang Surigao at Agusan ay binuo ang Silangang Districto bilang parte ng anim na militaryang distrito na natayo sa Mindanao. Noong 1870, ito ay ginawang "Distrito de Surigao."

Pagkatapos na paghahari ng Espanya noong 1897, ang dalawang Probinsiya ng Agusan ay ipinasaloob ng isang organisadong politico-militaryang pangunguna na tinatawag na "Butuan" sa loob ng pamamahalang hurisdiksiyon ng Surigao. 15 Mayo 1901, isang civil government ang itinayo sa Surigao. Dumating ang 1911, ang Butuan, isang sub-lalawigan ng Surigao, ay inihiwalay sa Agusan upang mabawasan ang nauukol na gastusin sa probinsiya ng Surigao.

Noong 19 Hunyo 1960, ang Republic Act 2766 ay pinaghiwalay ang probinsiya ng Surigao del Norte at Surigao del Sur. Kamakailan laamang, noong Disyembre 2006, ang Dinagat Islands ay ginawang hiwalay na probinsiya.

Maraming nagsasabi nang tunay na kahulugan ng Surigao. Tulad na lamang ng Sulo, na nangangahulugang "current" o Sulog. Ang Surigao ay maari ring nanggaling sa salitang Espanyol na salita, "Surgir" na nangangahulugang "swift water" o "current".

Sa kasalukuyan mayroon itong populasyo na umaabot sa 485,088 na bilang na kinabibilangan ng 20 munisipalidad at isang lungsod ang Surigao del Norte. Tinatawag itong Surigao City, "Gateway to Mindanao". Ang daungan nito ng mga barko na makikita sa terminal ng Lipata na siyang nagkokonekta sa Mindanao patungong Luzon via Eastern Visayas. Nag- showcases ito ng distinct cultural heritage sa kanilang Bonok-Bonok Maradjao Karadjao Festival. Sa norte naming bahagi ng bayanang Siargao at Bucas Grande Islands, na kilala sa kanilang long stretch ng sugar-fine na baybayin, malawak na mangrove forest, at magagandang karaganat namayaman sa yamang-dagat.

**Pag-aanalisa ng Datos**

Pagkatapos naitala ang mga datos, matranskrayb at maisalin sa Filipino, Ihahanay ito at gagawan ng tentatibong talahanayan upang himayin ang mga eko-materyalismong ginamit sa eko-sugilanon.

Mula sa talahanayang ito, isa-isang susuriin at aanalisahin ang naratibo gamit ang mga teoryang binanggit o mga teoryang maaari pang matutunan habang gagawin ang pananaliksik. Sa analisis, sasandigan ang eko-narativ na teorya upang makuha ang mga pangyayaring sasagot sa layunin ng papel. Sisipatin mula sa lente ng eko-sugilanon ang katutubong paraan ng pangangalaga o pagpapahalaga sa kalikasan ng mga mamamayan ng Surigao del Norte. Ang paglelenteng ito ang maglalarawan na maaaring magkonstrak sa identida at pagkatao ng Surigaonon sa usapin ng kalikasan.

**KONKLUSYON**

Batay sa nailatag na resulta ng papel nabuo ang sumusunod na konklusyon:

- Ang mga pangunahing istorya ng mga naratibo sa pook-panturismo ng Surigao ay hindi lamang nagpapakita ng mga pagbabagong heograpikal, historikal at kultural kundi isang makulay at mainit na danas ng mga Surigaonon ;
- Nakapaloob sa mga naratibong ito ang teritoryalisasyon, ibig sabihin angkin ng mga istorya ang pagtakda ng mga kondisyon at gayuma. Gayumang kokontrol sa iyong pagkilos habang nasa loob ka ng teritoryo ng mga pook-panturismong binanggit.


Copyright © 2020 IJASR All rights reserved (cc) BY

**Referensiya:**


1. Balana, C.D. (2003). Gordon gets P1.1B budget boost for tourism. *Philippine Daily Inquirer,* Setyembre 11,p.5.

2. Febvre, L. et.al. (1966). *A Geographical Introduction to History*. Barnes & Noble
3. Garrad, Greg. (2004). Ecocriticism. London:Routledge.
4. Maugnaying Talasalitaang Pang-agham. Ingles-Pilipino. (1969).
5. "Province: Surigao del Norte". *PSGC Interactive*. Makati City, Philippines: National Statistical Coordination Board. Hinango noong 26 August 2013.
6. "Total Population by Province, City, Municipality and Barangay: as of May 1, 2010". *2010 Census of Population and Housing*. National Statistics Office. Hinango noong 26 August 2013.
7. The Herald; Harare 10 Dec.,2017 www.jieteodoro.blogspot.com,2012


 Copyright © 2020 IJASR All rights reserved (cc) BY